ABRIL 13–19

## Mosias 1–3

# Bakit Tayo Inaanyayahan ni Haring Benjamin na Maging Tulad ng Isang Bata?

Nadama mo na bang lumambot ang puso mo nang mamasdan mo ang isang bata? Ang mga bata ay madalas magsalita nang taos-puso at magpahayag ng pagmamahal at mga simpleng pananalita ng pananampalataya. Itinuro ng Tagapagligtas, “Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit” (Mateo 18:34).

Maaaring isang dahilan ito kaya hiniling ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao na hubarin ang likas na tao at maging tulad ng mga bata (tingnan sa Mosias 3:19).

Paano tayo nagiging tulad ng mga bata? Sumangguni sa Mosias 3:19 para mapunan ang mga patlang ng mga salitang ginamit ni Haring Benjamin para ilarawan ang isang taong tulad ng isang bata.

1. ____________________


2. ____________________

3. ____________________

4. ____________________

5. ____________________

6. ____________________



***Ang maging katulad ng isang batang musmos ay nagtutulot sa atin na mas mapalapit kay Jesucristo at madama ang kagalakan ng pagiging mga Banal sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala.***





**TALAKAYAN**

Maghanap ng mga katangiang tulad ng isang bata sa paborito mong mga bayani sa Aklat ni Mormon. Paano mo matutularan ang kanilang halimbawa?

**LINGGO 3**

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH
*IN THE SERVICE OF YOUR GOD [NASA PAGLILINGKOD NG INYONG DIYOS]*, NI WALTER RANE